From
Mission Field
to Mission
→ Force

# Ang Mandato

WEEK 2

## WARM-UP

- Masasabi mo ba na ikaw ay isang mabuting mag-aaral? Bakit oo o bakit hindi?
- Balikan ang isang magandang balita na naibahagi mo sa iyong mga kaibigan. Ano ang naging reaksyon nila?
- Ipaliwanag kung paano mo ginagamit ang social media at internet. Masasabi mo ba na napapadali ng mga ito ang pagbabahagi mo ng mga bagay tungkol sa iyong sarili? Bakit oo o bakit hindi?

## WORD

*[1]Mga kababayan, ang mga turo ko'y inyong pakinggan. . . . [4]Huwag natin itong ilihim sa ating mga anak; sabihin din natin ito sa mga susunod na salinlahi. Sabihin natin sa kanila ang kapangyarihan ng PANGINOON at ang mga kahanga-hanga niyang gawa.* **SALMO 78:1, 4**

(Basahin din ang **SALMO 78:2–3; 5–7.**)

Ang mga Kristiyano ay mga tagatanggap ng mga katuruan ng salita ng Diyos. Tayo ay mga disipulo—mga mag-aaral na masugid na sumusunod sa mga itinuturo sa atin. Sa talatang ito, hinihikayat ng salmista ang mga mamamayan ng Diyos na makinig at sabihan ang iba tungkol sa narinig nila. Sa konteksto natin ngayon, narinig natin ang ebanghelyo ng Panginoong Jesu-Cristo at inatasan tayong magdisipulo (Mateo 28:19) para masiguro na ang mga narinig natin ay maituturo at maipapasa natin sa iba (2 Timoteo 2:2). Para sa isang Kristiyano, ang lahat ng daan ay patungo sa pagdidisipulo. Tingnan natin ang ibig sabihin nito at kung paano natin ito maisasabuhay.

## 1 Lahat tayo ay dapat maturuan tungkol sa Diyos at madisipulo.

*[1]Mga kababayan, ang mga turo ko'y inyong pakinggan. [2]Tuturuan ko kayo sa pamamagitan ng kasaysayan. Sasabihin ko sa inyo ang mga lihim na katotohanan ng nakaraan. [3]Napakinggan na natin ito at nalaman. Sinabi ito sa atin ng ating mga ninuno.*
**SALMO 78:1–3**

Unang-una, tayo ay mga tagatanggap at mag-aaral ng salita ng Diyos. Lahat tayo ay kailangang magbasa, mag-aral, at lumago sa ating pagkaunawa sa salita ng Diyos. Tinuruan tayo ng mga nauna sa atin na nakakilala kay Cristo upang tayo ay lumago sa ugnayan natin sa Diyos. Sinasadya nating *pakinggan* ang sinasabi ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng mga taong nagtuturo sa atin na sundin Siya. Ibahagi kung paano mo unang napag-alaman ang tungkol sa Diyos at sino ang nagturo sa iyo na mahalin Siya.

..............................

..............................

## 2 Lahat tayo ay dapat magturo sa iba tungkol sa Diyos at tulungan silang sumunod sa Kanya.

*[4]Huwag natin itong ilihim sa ating mga anak; sabihin din natin ito sa mga susunod na salinlahi. Sabihin natin sa kanila ang kapangyarihan ng PANGINOON at ang mga kahanga-hanga niyang gawa. [5]Ibinigay niya ang kanyang mga kautusan sa mga mamamayan ng Israel na mula sa lahi ni Jacob. Iniutos niya sa ating mga ninuno na ituro ito sa kanilang mga anak, [6]upang malaman din ito ng mga susunod na lahi at nang ituro rin nila ito sa kanilang mga anak.* **SALMO 78:4–6**

Pangalawa ay dapat nating ipasa ang nalalaman natin at ituro ito sa iba. Sabihan natin ang iba tungkol sa Diyos at sa Kanyang mga nagawa. Hindi dapat humihinto sa atin ang ebanghelyo at gawain ng Diyos. Dapat tayong tumugon sa Dakilang Komisyon ni Jesus nang may pagsunod, pagmamadali, at katapatan. Bakit mahalaga na ihayag natin si Cristo at tulungan ang iba na sumunod sa Kanya tulad ng itinuro sa atin?

..............................

..............................

## 3 Dapat nating turuan ang mga tinulungan nating sumunod sa Diyos kung paano rin nila matutulungan ang iba.

*[6]. . . upang malaman din ito ng mga susunod na lahi at nang ituro rin nila ito sa kanilang mga anak. [7]Sa ganitong paraan, magtitiwala sila sa Diyos at hindi nila makakalimutan ang kanyang ginawa, at susundin nila ang kanyang mga utos . . .*

**SALMO 78:6–7**

Pangatlo, kailangan nating gawin ang bahagi natin para makilala ng susunod na henerasyon ang Diyos at mahalin din Siya. Naipasa sa atin ang ebanghelyo nang may katapangan at sakripisyo, mula sa panahon ng labing-dalawang dispulo hanggang sa taong nagsabi sa 'yo tungkol kay Jesus. Ano sa tingin mo ang mangyayari kung isinarili lang natin ang pinakamagandang balita ng ating kaligtasan? Bakit kailangan na manatili tayong matatag sa pagtulong sa iba na magdisipulo rin?

## APPLICATION

- Isa ka bang disipulo? Ikaw ba ay nagdidisipulo? Ano ang isang bagay na magagawa mo upang isabuhay ang pinag-usapan natin ngayon?
- Balikan kung sinu-sino ang nagbahagi sa 'yo tungkol kay Jesus at tumulong para magawa mong sumunod sa Kanya. Maglaan ng oras ngayong linggo upang pahalagahan ang mga taong ito.
- Isipin ang katotohanan na hindi natin alam kung kailan mamamatay ang isang tao. Bakit mahalaga na ibahagi agad natin ang tungkol sa Diyos at magdisipulo? Ano ang handa kang gawin ngayon para dito?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang kabutihan, awa, at pagmamahal para sa 'yo. Pasalamatan Siya sa pagpapadala kay Jesus para mamatay sa krus upang iligtas tayo sa Kanyang poot.
- Hilingin sa Diyos na tulad Niya, makita mo ang mga naliligaw ng landas sa paligid mo, makaramdam ka ng awa para sa kanila, at magawa mong tumugon sa kanila.
- Ipanalangin ang mga kapamilya at kaibigan mo na kailangang makakilala kay Jesus. Humingi sa Diyos ng mga pagkakataon, ng katapangan, ng karunungan, ng pagmamadali, at ng kakayahang mula sa Banal na Espiritu para matulungan mo silang sumunod kay Jesus.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Varsha Daswani

victory.org.ph